


# MALAY

TOMO XXXII BLG. 2 • HUNYO 2020

Ang *Malay*, isang multi/interdisiplinaring journal sa Araling Filipino ng Pamantasang De La Salle na internationally refereed at abstracted, ay inililimbag makalawa isang taon sa ilalim ng pamamahala ng De La Salle University Publishing House para sa Pamantasang De La Salle. Bilang journal na multi-disiplinari, nagtatampok ang *Malay* ng mga papel, pananaliksik, at artikulong naglalahad ng mga kaisipan at kaalaman mula sa iba't ibang disiplina sa larangan ng Araling Filipino. Ang mga ideya, pagkukuro, at paninindigan ng mga may-akda ay pananagutan nila at hindi repleksyon ng mga paghahaka at patakaran ng mga patnugot, ng kaguruan, o ng pangasiwaan ng Pamantasang ito.

**Halaga ng Taunang Subskripsyon:** Laybrari/Silid aklatan, institusyon sa labas ng Pilipinas: US$40 (surface mail), US$50 (koreo). Indibidwal/Isahan: US$25 (surface mail), US$35 (koreo). Halaga ng subskripsyon sa Pilipinas para sa laybrari at institusyon: PhP1,500/Isahan: PhP1,300. Makipag-ugnayan kay *Joanne T. Castañares* sa anumang detalye tungkol sa subskripsyon o mag-mail sa: joanne.castanares@dlsu.edu.ph

Karapatang-ari © 2020 ng Pamantasang De La Salle

Reserbado ang lahat ng karapatan. Alinmang bahagi ng librong ito ay hindi maaaring kopyahin o isulat sa anumang anyo maging ito ay palimbag o elektroniko, o kaya'y itanghal nang pormal at may bayad nang walang pahintulot ng tagapaglathala o ng may-akda.

ISSN: 0115-6195

Published by De La Salle University Publishing House
2401 Taft Avenue, Manila 0922 Philippines
Telefax: (63 2) 523-4281
Email: dlsupublishinghouse@dlsu.edu.ph
Websites: http://www.dlsu.edu.ph/offices/publishing-house/default.asp
http://www.ejournals.ph

*Ang De La Salle University Publishing House*
*ang tanggapang pampublikasyon ng Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

## Mga Patnugot

**Florentino T. Timbreza**
*Punong Patnugot*
Pamantasang De La Salle, Pilipinas

**Rowell D. Madula**
*Ko-Editor*
Pamantasang De La Salle, Pilipinas

**Dolores R. Taylan**
*Tagapamahalang Editor*
Pamantasang De La Salle, Pilipinas

## Internasyonal na Lupon ng mga Patnugot

Efren Abueg
*Politeknikong Unibersidad ng Pilipinas*

Aurelio Agcaoili
*University of Hawaii, USA*

Satoshi Ara
*Fukushima University, Japan*

Joi Barrios-Leblanc
*University of California, Berkeley, USA*

Aurora Batnag
*Pambansang Samahan sa Linggwistika at Literaturang Filipino*

Pamela Constantino
*Unibersidad ng Pilipinas*

Antonio Contreras
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

Rommel Curaming
*University of Brunei Darussalam, Brunei*

Feorillo Petronilo Demeterio
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

JC Gaillard
*The University of Auckland, New Zealand*

Efren Isorena
*Pamantasang Ateneo de Manila, Pilipinas*

Roberto Javier
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

Bievenido Lumbera
*Unibersidad ng Pilipinas*

Jovy Peregrino
*Busan University of Foreign Studies, South Korea*

Epifanio San Juan Jr.
*Philippine Cultural Studies Center, Connecticut, USA*

Rolando Tolentino
*Unibersidad ng Pilipinas*

Tereso Tullao
*Pamantasang De La Salle, Pilipinas*

Nelson Turgo
*Cardiff University, United Kingdom*

MALAY

# Mga Nilalaman

MULA SA EDITOR

**Florentino T. Timbreza**
**Rowell D. Madula**

MGA NATATANGING LATHALAIN

Blaan sa Pilipinong Sosyolohiya: Ang Nawáh sa mga Danas sa Facebook Bilang Pook ng Talastasan, Ugnayan, at Alaala / 1
*Blaan in Filipino Sociology: Nawáh on the Experiences in Facebook as Medium of Communication, Connection, and Memory*
**Jun Yang Badie**

Si Balagtas sa mga Tula ng Sa Gulugod ng Kalabaw: Mga Tula ng Bulacan, 1928-1997 / 10
*Balagtas in the Poems of Sa Gulugod ng Kalabaw: Mga Tula ng Bulacan, 1928-1997*
**Cris R. Lanzaderas**

Pagsipat sa Leksikal na Baryasyon ng mga Terminong Filipino, Bikol, at Cebuano sa Kontekstong Panginabuhian/Pangkabuhayan / 23
*Analyzing the Lexical Variation of Filipino, Bicol, and Cebuano Terms within the Context of Livelihood*
**Rhoderick V. Nuncio, Freddielyn B. Pontemayor, Joan A. Monforte, Dadine Kristine Ann V. Lumigis**

Isang Mapanuring Paghahambing sa mga Teorya at Praxis ng Pampananampalatayang Inkulturasyon nina Anscar Chupungco At Ed Lapiz / 41
*A Comparative Study on the Theory and Praxis of Religious Inculturation of Anscar Chupungco and Ed Lapiz*
**Glenn Irwin Cruz Reynon**

Pagtalunton sa Bulakenyo Cinema: Diskurso at Perspektiba ng mga Piling Direktor mula sa Bulacan/ 54
*Locating Bulakenyo Cinema: Discourse and Perspective of Selected Directors from Bulacan*
**David R. Corpuz**

Paglalatag ng Karanasan ng mga Guro sa Implementasyon ng Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) sa Iloilo City 64
*Teachers' Experience in the Implementation of the Mother Tongue-Based Multilingual Education (MTB-MLE) in Iloilo City*
**Jonevee Amparo**

Ang Bulwagang San La Salle: Pakikipanayam sa Apat na Dalubhasa nitong Sentenaryo ng Paglatag ng Cornerstone ng Nasabing Pamanang Estruktura ng Pamantasang De La Salle Maynila / *The Saint La Salle Hall: Interviews with Four Experts on the Occasion of the Centenary of the Cornerstone Laying of the Said Heritage Structure of the De La Salle University, Manila* 81
**Joshua Mariz B. Felicilda & Feorillo Petronilo A. Demeterio III**

MGA KONTRIBYUTOR 99

PANAWAGAN PARA SA KONTRIBUSYON SA MALAY 103

# Mula sa Editor

Makasaysayan ang taong 2020 sa ating mga Pilipino.

Pagpasok ng bagong taon, hinamon agad tayo ng pagputok ng Bulkang Taal. Libo-libong mamamayan mula sa Batangas hanggang sa mga karatig-lugar nito ang malubhang naapektuhan. Nasira ang kabuhayan at kabahayan ng ating mga kababayan. Kinailangang ilikas ang ilang pamilya mula sa kanilang lugar dahil sa hatid na panganib ng pagputok ng bulkan.

Hindi pa man tayo nakakahinga mula sa trahedyang hatid ng pagputok na ito ng Bulkang Taal, dumating naman ang pandemyang Covid-19. Hindi lamang nito hinamon ang mga Pilipino at ang buong mundo, naghatid din ito ng malaking pagbabago sa ating pang-araw-araw na pamumuhay. Dahil dito, nagkaroon tayo ng bagong normal sa iba't ibang larangan. Binago nito ang pagtatrabaho, ang transportasyon, ang edukasyon, ang iba't ibang serbisyo lalo na sa sektor ng kalusugan, at marami pang iba.

Sa gitna ng pagharap ng mga Pilipino sa pandemya, ay ang pagtutok sa kung paano tumugon ang ating gobyerno. Naging kritikal ang mga mamamayan sa mga ipinatutupad na programa at paraan ng pagharap ng pamahalaan sa pagtatangkang pigilan ang pagdami ng nahahawahan ng sakit na ito. Nariyan ang pagtatanong sa mga priyoridad ng pamahalaan sa panahon na ang pangunahing problema ay isang sakit, pero ang naging pangunahing aksiyon ay pagpapalakas ng puwersa ng kapulisan at militar.

Makasaysayan ang taong 2020 sa ating mga Pilipino.

Hindi lang hinamon sa taong ito ang ating kalusugan at kaligtasan. Nariyan din ang malalaking usapin sa pagkitil sa kalayaan at pagsikil sa mga karapatan. Hindi pa man nakababangon sa mga hamon ng pandemya, binagabag ang mga mamamayan ng mga aksiyon ng pamahalaan. Una na ang agarang pagpasa ng batas laban sa terorismo. Ang Anti-Terrorism Law na tinututulan ng mga mamamayan dahil sa mga probisyon nitong sinasabing hindi naaayon sa Saligang Batas. Ang batas na ito ay banta sa karapatan ng mga mamamayan sa malayang pamamahayag at pagpapahayag.

Kasunod ng pagpasa ng batas na ito, ay ang hindi pagbibigay ng panibagong prangkisa sa isa sa pinakamalaking institusyon sa mass media sa bansa, ang ABS-CBN Network. Sa panahong napakahalaga ang paghahatid ng impormasyon at ang pagbabalita ng mga nangyayari sa lipunan, tuluyang isinara ng pamahalaan ang ABS-CBN. Bukod sa usaping karapatan at kalayaan, ang pagpapasarang ito'y nangangahulugan ng pagkakatanggal sa trabaho ng libo-libong empleyado ng istasyon, at maging ng iba pang negosyong direktang may ugnayan sa operasyon nito. Ito ay sa gitna ng napakarami ng Pilipino ang nawalan ng trabaho dahil sa pandemya.

Bilang isang journal sa Araling Pilipinas, nananatili ang *Malay* sa paglilimbag ng mga artikulo at pananaliksik na nakatuon sa mga Pilipino at sa bansa. Sa panahong ito, higit na mahalaga ang papel ng mga mananaliksik sa larangan ng agham panlipunan at humanidades upang ipaliwanag o unawain ang mga nangyayari sa ating lipunan.

Sa artikulo ni **Jun Yang Badie**, sinuri niya ang tatlong *Facebook* pages ng mga Blaan, isang etno-lingguwistikong pangkat sa Mindanao. Para sa isang grupo ng mga tao na nabibilang sa isang partikular na komunidad tulad ng mga Blaan, mahalagang usapin ang pagpapanatili ng kultura at identidad sa panahon ng pag-unlad ng teknolohiya at komunikasyon. Nakita niya kung paanong naging espasyo ng ugnayan at talastasan ang social media pages na

ito at kung paano nakatulong ang *nawáh* o ang kabutihan, kalooban, at alaala sa mga Blaan sa pagpapanatili ng kanilang kaisahan bilang isang etno-lingguwistikong grupo.

Sinuri ni **Cris Lanzaderas** ang mga tulang naisulat ng mga magsasaka-makata na nakapaloob sa koleksiyong *Sa Gulugod ng Kalabaw: Mga Tula ng Bulacan, 1928 – 1997*. Gamit ang mga pormalistang lente sa paghahanap ng mga katangiang makikita sa pamantayan ng tradisyonal na tulang Tagalog na inilatag sa mga akda ng makatang si Francisco Balagtas, nabigyan ng puwang ang mga akda ng mga magsasaka-makata sa pagbuo ng pambansang panitikan. Sa kabila ng kawalan ng mataas na edukasyon, makikita na ang mga likha ng mga magsasakang-makata ay mahalagang ambag sa panulaang Pilipino.

Sa kolaborasyon nina **Rhoderick Nuncio**, **Freddielyn Pontemayor**, **Joan Monforte**, at **Dadine Kristine Lumigis**, tinalakay ang leksikal na baryasyon ng mga terminong Filipino, Bikol, at Cebuano na may kaugnayan sa gawaing pangkabuhayan upang higit na maunawaan ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga salitang ito na mahalagang makita sa pagpapayabong ng wikang pambansa. Natatangi ang papel na ito dahil iilan pa lamang ang mga ganitong klaseng pag-aaral na sinusubukang tingnan ang direktang ugnayan ng mga wika sa bansa batay sa ilang salitang nabibilang sa tiyak na disiplina o gawain.

Maliwanag na naipakita ni **Glenn Irwin Reynon** sa kaniyang pag-aaral ang halaga ng katutubong kultura sa pagpapayaman ng karanasang panrelihiyon. Sa kaniyang komprehensibong pagsasaliksik sa dalawang personalidad sa pananampalataya na sina Anscar Chupungco, OSB at Ed Lapiz, nailatag niya ang mga kontribusyon nito sa mundo ng pananampalataya sa Pilipinas. Sa kaniyang paghahambing sa teorya at praxis ng dalawang personalidad, napatunayan niya ang pagsusulong ng inkulturalismo ng mga lider na ito sa kanilang relihiyosong grupong kinabibilangan at pinamumunuan.

Isang masinop at interesanteng pag-aaral ang ginawa ni **David Corpuz** tungkol sa mga pananaw at karanasan ng apat na direktor na mula sa probinsiya ng Bulacan. Nilayon ng papel na bigyang- katuturan ang rehiyonal na pelikula partikular na ang Bulakenyo cinema sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga panayam na nag-uugnay sa mga karanasan nila bilang direktor at bilang bahagi ng isang komunidad. Sa pag-aaral na ito, nabubuksan ang papel ng mga rehiyonal na pelikula sa pagbuo ng pambansang pelikula sa bansa. Makatutulong ang pag-aaral na ito hindi lamang sa mga mag-aaral ng pelikula kundi maging sa mga nagnanais sumuong sa paglikha nito.

Iminumungkahi ni **Jonevee Amparo** ang pagsasagawa ng tuloy-tuloy na pagsasanay sa mga guro ng MTB-MLE at ang pagpapayaman ng kanilang kaalaman sa konseptuwalisasyon at lokalisasyon upang higit na mapagbuti ang pagtuturo ng mother tongue sa mga eskuwelahan. Sa kaniyang pagsusuri sa mga polisiya na may kaugnayan sa MTB-MLE, at sa kaniyang isinagawang panayam sa mismong mga guro na nagtuturo nito, naipakita ni Amparo ang mga aspekto ng programang ito na nangangailangan pang tutukan at paunlarin. Bagamat nakatuon lamang ang saliksik sa probinsiya ng Iloilo, ito ay isang mahalagang ambag sa ebalwasyon ng implementasyon at paghahandang isinagawa ng mga ahensiya ng gobyerno na inaasahang mangangasiwa at nangangasiwa rito.

Ipinakita sa artikulo nina **Joshua Mariz Felicilda** at **Feorillo Demeterio** ang kahalagahan ng gawaing pagdodokumento ng kasaysayan, katuturan, at direksiyon ng mga pamanang estruktura na bihirang tahakin ng mga pananaliksik sa bansa. Nakatuon ang pag-aaral sa Bulwagang San La Salle, isa sa pinakamatanda at pinakatanyag na gusali sa Pamantasang De La Salle sa Maynila. Bilang pag-alala sa paglalatag ng cornerstone ng nasabing gusali taong 1920, kinapanayam ng mga awtor ang mga susing tao na nakapaglalatag ng patuloy nitong pagsasakasaysayan.

Sa bagong isyung ito ng *Malay*, higit na napatutunayan ang kahalagahan ng pananatili ng paggamit at pagtalakay sa wikang Filipino bilang batis ng diskurso ng kasaysayan, kaakuhan, kamalayan, at panitik ng mga Pilipino. Bilang pangwakas ay muli't muling ipinaabot at ipinadarama natin ang lubos na paghanga't pagpupugay sa kahusayan at kasipagan ng aming katuwang sa paghahanda at pagsasaayos sa mga nailathalang artikulo sa kasalukuyang isyu—si Bb. Joanne Castañares.

**Florentino T. Timbreza**
**Rowell D. Madula**